



REGIONAL CENTER OF THE EAST BAY
PATAKARAN
KAHILINGAN para sa MGA PANUKALA SA PAGPAPAUNLAD NG
MAPAGKUKUNAN

Sinusuportahan ng Regional Center of the East Bay ang mga taong may kapansanan sa pag-unlad at kanilang mga pamilya gamit ang mga tool na kailangan upang makamit ang dekalidad at kasiyasiyang buhay, at bumuo ng mga ugnayan na nagreresulta sa mga komunidad na walang diskriminasyon.

Upang matugunan ang patuloy na pangangailangan para sa mga bagong mapagkukunan at serbisyo sa catchment area ng Regional Center of the East Bay (RCEB), nagsisikap ang regional center na makakuha ng pondo para bumuo ng mga bagong mapagkukunan sa loob ng ating lokal na catchment area at para ipamahagi ang mga pondong ito sa pagtugon sa mga lokal na pangangailangan sa pamamagitan ng proseso ng Kahilingan para sa Panukala.

Nakatuon ang RCEB sa isang patas at walang diskriminasyon na proseso ng RFP. Hinihikayat na magsumite ang mga provider na kulang sa representasyon at ang mga may kaalaman tungkol sa ating iba't ibang komunidad. Isasalin ang lahat ng anunsyo sa Kahilingan para sa Panukala sa mga saklaw na wika ng RCEB. Isasalin din namin ang lahat ng packet ng kahilingan. Tinatanggap namin ang LAHAT ng isinumite.

Pangunahing natatanggap ang mga available na pondo para sa pagsisimula ng pagpapaunlad ng mapagkukunan sa pamamagitan ng awtorisasyon na ipamahagi ang pagpopondo mula sa Department of Developmental Services (DDS) na itinalaga para sa mga Start-Up na proyekto bilang bahagi ng taunang Community Placement Plan (CPP) at Community Resource Development Plan ng (CRDP) ng RCEB.

Bawat taon, bumubuo ang Community Services Department ng isang komprehensibong Community Placement Plan upang tukuyin ang mga residente ng mga sentro ng pag-unlad ng estado at iba pang institusyonal na setting na maaaring lumipat sa hindi gaanong mahigpit at nakabatay sa komunidad na mga setting ng tirahan at ang mga indibidwal na nangangailangan ng karagdagang espesyal na serbisyo sa suporta upang maiwasan ang mas mahigpit na placement. Bukod pa rito, bubuuin din ang Community Services Department ang Community Resource Development Plan (CRDP), na humihiling ng start-up na pondo para makabuo ng mga bagong serbisyo sa loob ng ating komunidad. Binuo ang CRDP batay sa feedback na nakalap mula

sa mga pinaglilingkuran ng RCEB, pamilya ng mga taong pinaglilingkuran ng RCEB, kawani ng RCEB, vendored na provider ng serbisyo ng RCEB, at iba pang stakeholder ng komunidad.

Nagsasagawa ang RCEB ng proseso ng Request for Proposal (RFP) upang humingi ng mga panukala para sa bawat Start-Up na proyekto. Kasama sa proseso ang pampublikong abiso upang humingi ng mga panukala (pag-post sa website, pamamahagi ng email sa komunidad ng provider ng serbisyo), at pagpupulong sa Bidder sa lahat ng interesadong aplikante upang ibahagi ang mga detalye ng proyekto at ang proseso ng aplikasyon. Sinusuri ang mga aplikante gamit ang isang rubric sa pamantayan ng pagsusuri ng panukala na ibinahagi bilang parte ng panukala, papanayamin ang mga kandidatong may pinakamataas na marka gamit ang mga karaniwang tanong, at susuriin ang anumang nakaraang paglilisensya, Medicaid, at iba pang pagsusuri sa kalidad. Maaaring ibilang ng komite sa pagsusuri ng RFP ang mga indibidwal na pinaglilingkuran ng RCEB, kapamilya, kawani ng RCEB, at kasosyo sa komunidad. Kasama sa komite ang mga kawani ng RCEB na sangkot sa pagpapaunlad ng mapagkukunan gayundin ang mga eksperto sa paksa tulad ng isang analyst ng pag-uugali para sa isang behavioral home. Hangga't maaarin, pipiliin ang mga miyembro upang ipakita ang pagkakaiba-iba ng ating komunidad. Lahat ng mga panukala ay dapat mayroong isang pahayag sa pagkakaiba-iba at pagkakapantay-pantay ayon sa California Welfare and Institutions code Section 4648.11. Aabisuhan ang lahat ng aplikante tungkol sa resulta at bibigyan ng kopya ng kanilang rubric sa pagsusuri. Ipo-post sa website ng RCEB ang mga pangalan ng mga nakatanggap ng award pagkatapos ma-finalize ang mga kontrata. Ibabahagi ang sa website ng RCEB ang anonymized scoring rubrics para sa lahat ng aplikante pagkatapos ma-finalize ang mga parangal.

Mga eksepsyon sa patakarang ito:

- Start-Up na pagpopondo upang madagdagan ang pagpopondo ng start-up na kontrata sa nakaraang taon na inaprubahan ng DDS.
- Start-Up na pagpopondo para sa isang pinangalanang Housing Agency na inilaan para sa maraming pamilya, paggamit ng abot-kayang pagpapaunlad ng pabahay.
- Start-Up na pagpopondo para sa interagency, mga collaborative na proyekto na nangangailangan ng pagkakakilanlan ng mga kasosyo sa ahensya bago ang pag-apruba ng DDS sa mga inilalaang pondo.